# GAMITIN NANG TAMA

*by:*
**Monique G. Garcia**
*Casupanan Elementary School*

Habang nakatira ang mga tao dito sa mundo, hindi tayo titigil sap ag-iimbento. Kaya habang nadidiskubre natin ang iba't- ibang bagay, marami tayong nakakamit sa buhay. Kaya narito na ang "gadgets", tunay nga bang nakapagpapadali ng mga gawain?

Sigurado akong alam mo ang mga bagay tungkol sa gadgets. Halos lahat ay mayroon na. Alam mo ba ang pinagmulan nila?

Nagsimula sa Abacus, isang gamit sa pagbibilang. Dahilan para maimbento ang calculator, galing sa salitang "compute" nadiskubre ang computer. Sa tulong ng agham, natuklasan ang telepono, isa sa pinakamadaling paraan sa pakikipag-usap sa mga malalayong tao. Hango sa telepono ang cellphone, dinagdagan ito ng iba't ibang features tulad ng digital clock, calendar, calculator, flashlight at iba pa. Nagkaroon din ng maraming modelo nito, padami ng padami at paganda ng paganda. Kasama na din ang telebisyon, radyo at smart watch sa bilang. Mayroon na ring netbook, laptop, tablet at Ipod.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Pinadali nito ang lahat ng bagay at maaaring gamitin ng kahit sino. Naging sikat din sila dahil sa applications at features na kahit sino ay gugustuhin. Pero hindi lahat ng applications ay mabuti ang nilalaman. Dahil sa high technology na ang ating panahon, napakadali ng gawin ang kahit anong bagay kahit na nga ito ay magdudulot ng kasamaan sa kapwa. Pwede mong i-search ang kahit na ano, lalo na kung mag-isa ka lang, walang pipigil sa iyo. Ikaw lang ang pwedeng humusga sa ginagawa mo kung tama pa ba ito. Dahil sa gadgets, marami na ang gumagawa ng cybercrime, cyber bullying at anu-ano pa na nakakaapekto sa moral ng isang tao.

Malaki ngang tulong ang mga ito subalit may kaakibat na responsibilidad ang paggamit nito. Patnubay ng nakatatanda at tamang paggamit sa mga nasabing gadget at makabagong teknolohiya ang kinakailangan nating sandata para magamit nang tama ang mga ito.

*References:*

https://tr-ex.me Gadget sa Makabagong Panahon

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan